Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-11 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 184-T'99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 87- T'99/ KAUTUSAN SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 01-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO NORTE NA INILALAAN ANG 5% WITHHELD INTERNAL REVENUE ALLOTMENT NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWAMPU'T LIMANG LIBO TATLONG DAAN AT SAMPUNG PISO (₱25,310.00) BILANG KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY PARA SA CASH GIFT SA HALAGANG ₱22,000.00 AT SA UNIFORM NG SANGGUNIANG BARANGAY (20% DF) SA HALAGANG ₱3,310.00.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 87-T'99/Kautusan sa karagdagang Badyet Blg. 01-T'99 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte na naglalayong makapaglaan ng halaga bilang karagdagang badyet ng nabanggit na barangay para sa cash gift at uniporme ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Tanggapan ng Pambayang Pinuno sa Badyet at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapapanagutan ito ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Norte;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN :** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 87-T'99/ Kautusan sa Karagdagang badyet Blg. 01-T'99 ng Sang. Brgy. ng San Pablo Norte na inilalaan ang 5% withheld Internal Revenue Allotment na nagkakahalaga ng ₱25,310.00 bilang karagdagang badyet ng nabanggit na barangay para sa Cash Gift sa halagang ₱22,000.00 at sa uniform ng Sang. Brgy. (20% DF) sa halagang ₱3,310.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang TAgatuos at Sangguniang Brgy. ng San Pablo Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

RECORDED
BY:
DATE
RIZ/LAGUNA